Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG DISYEMBRE 2, 2009, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:25 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang ALAN T. PAMATMAT | ..... | PANGALAWANG PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ..... | Kagawad |
| *Kagalang-galang Romulo A. Elca* | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Angelito U. Limjuco | ..... | Kagawad |
| *Kagalang-galang Oscar F. Feliciano* | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Isagani R. Malapaya | ..... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes | .... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| *Kagalang-galang Louie C. de Leon* | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |

**KAPASIYAHAN BLG. 206-T2009**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAHILINGAN NI GNG. MARITA SANTOS, PANGKALAHATANG TAGAPAMAHALA, ARGEM SPORTS COLISEUM, BARANGAY BUBUKAL NG BAYANG ITO, NA MAKAPAGDAOS NG PASABONG (ONE-COCK ULUTAN) SI G. RENE SANTOS SA DISYEMBRE 17, 2009.**

**SAPAGKA'T,** *iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang kahilingan ni Gng. Marita* Santos na makapagdaos ng pasabong ( one – cock ulutan) si G. Rene Santos sa Argem Sports Coliseum sa Disyembre 17, 2009;

**SAPAGKA'T,** matapos na ito ay matalakay at malaman na ang bahagi ng kikitain ay ilalaan para sa kawanggawa ay ipinasya ng Lupon sa Palaro at Libangan na irekomendang pagtibayin na ito.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Oscar F. Feliciano (Pang. Tagapamuno ng Lupon sa Libangan), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Roselon F. Pamatmat at Jun M. Asinas at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang kahilingan ni Gng. Marita Santos, Pangkalahatang Tagapamahala, Argem Sports Coliseum, Brgy. Bubukal ng bayang ito, na makapagdaos ng pasabong (one-cock ulutan ) si G. Rene Santos sa Disyembre 17, 2009.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Tanggapan ng Paglilisensya at Permiso, Kagawaran ng Pulisya at Pangkalahatang Tagapamahala ng Argem Sports Coliseum, *lahat sa bayang ito, para sa kanilang* kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

ALAN T. PAMATMAT
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

ORIGINAL SIGNED
ARIEL T. MAGCALAS
Punong Bayan